

Mga pag-uusap sa karera

Impormasyon para sa mga magulang at mga tagapag-alaga

Para sa maraming mga kabataan, kailangang pag-isipang mabuti at pag-aralan ang pagpili ng tamang landas na tatahakin sa kanilang karera.

Ang edukasyon at mga hangarin sa karera ay kadalasang hinuhubog ng pagtingin ng mga kabataan kung paano sila magiging katanggap-tanggap sa iba, at sa mga inaasahan ng kanilang mga magulang, tagapag-alaga, mga guro at mga kaedad.

Bilang mga taong mayroong pangunahing impluwensya sa mga desisyon sa karera ng mga kabataan, kailangang simulan na ng mga magulang, tagapag-alaga at guro ang mga pag-uusap tungkol sa karera nang mas maaga kaysa sa pagpasok sa mataas na paaralan (secondary school).

Ipinakikita ng pananaliksik na ang mga pag-uugali na mapanghusga sa kasarian (gender bias) ng mga posibleng opsyon sa karera ay makikita sa mga batang may anim na taong gulang pa lang. Isang halimbawa ng ganitong pag-stereotype sa kasarian ay ang paniniwala na ang mga babae ay hindi gaanong interesado sa computer science at engineering

Kung gayon paano tayo magkakaroon ng mga pag-uusap sa karera?

Ang mga magulang ay maaaring makipag-usap sa kanilang kabataang anak tungkol sa karera sa pamamagitan ng pagpapakita ng interes sa kanilang mga minimithi. Isaalang-alang ang mga sumusunod:

- Maglaan ng oras para makipag-usap sa iyong anak tungkol sa karera.
- Suportahan ang matatayog na mithiin at ingatang hindi 'makasira ng mga pangarap'.
- I-ugnay ang pag-aaral ng mga bata sa mga career pathway.
- Magbigay ng tumpak, up-to-date na career pathway at impormasyon tungkol sa labor market.

Subukan ang mga pagsisimulang ganito sa pag-uusap tungkol sa karera			
Ano ang isang bagay na iyong nakamit na talagang ipinagmamalaki mo?	Anong mga tagumpay ang nagdulot sa iyo ng pinakamaraming kasiyahan?	Ano ang nakikita mong gagawin mo pagkalipas ng limang taon?	Mayroon bang anumang mga trabaho na nakita mo o narinig mo na interesado ka? Ano sa tingin mo ang nakakaakit sa kanila?
Anong mga kasanayan ang natutunan mo mula sa iyong part-time na trabaho?	Ano ang gagawin mo kung ang pinapangarap mong trabaho ay malayo sa inyong tirahan?	Kung magkakaroon ka ng pagkakataong matuto tungkol sa anumang bagay, ano iyon?	Anong hamon sa mundo o komunidad ang gusto mong malutas?